# Kahanga-hangang mga Lumba-lumba




Kuwento ni Yvette U. Tan
Inedit ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Hannah Manaligod




Mahilig si Aldo sa mga superhero. Ang pinakagusto niyang gawin kasama sina Tope at Carol ay ang mag-imbento ng sarili nilang superhero.

“Ano sa tingin ninyo, okey ba ang Ipis Boy?” tanong ni Tope.

“Nye, nakatatakot naman ‘yon!” sabi ni Carol. “‘Di naman ‘yan mukhang superhero. Peste nga ang mga ipis,” dagdag ni Carol.

“Alam mo ba na kayang mabuhay ng ipis sa lugar na may *radiation* mula sa *nuclear bomb?* Tayong mga tao siguradong patay pero ang mga ipis, hindi,” sagot ni Tope.



“Kalahating ibon at kalahating leon ang superhero kong babae. Nakalilipad siya at ang katangi-tangi niyang kakayahan ay utusan ang mga hayop dahil siya ang reyna,” pagmamayabang na sabi ni Carol.

“Ikaw, Aldo?” tanong ni Tope.

Ipinakita ni Aldo ang iginuhit niyang mga lumba-lumba. “Gusto kong mistulang lumba-lumba ang superhero ko,” sabi ni Aldo.

“Bakit?” tanong ni Carol sabay kunot ng noo.

“Alam ba ninyo na may mga taong natulungan at nailigtas sa panganib ang mga lumba-lumba?” tanong ni Aldo sa mga kaibigan.

“Basahin ninyo ito,” sabi ni Aldo.




“Mangingisda sa Palawan: Iniligtas sa Panganib ng mga Dolphin”

“Noong Disyembre 8, 2008, nangisda nang maaga si Ronnie Dabal sa Puerto Princesa Bay nang biglang umihip ang napakalakas na hangin. Tumaob tuloy ang bangkang sinasakyan niya. Buti na lang kumapit siya sa isang *Styrofoam board* para makalutang. Sinubukan niyang lumangoy pabalik sa lupa ngunit napakalakas ng alon. Pagkaraan ng ilang oras, napagod din siya sa paglangoy. Maliban sa hapo, natakot din si Dabal dahil nagsimulang dumugo ang iba’t ibang maliliit na sugat sa kaniyang katawan. Kinagat-kagat siya ng mga bugto. Natakot siya na baka maamoy ng mga pating ang kaniyang dugo.”



Pinagpatuloy ng magkakaibigang basahin ang kuwento.

“Unti-unti nang nanghihina si Dabal nang biglang may abot 30 lumba-lumba at dalawang balyena ang lumitaw. Ginamit ng lumba-lumba ang palikpik upang itulak si Dabal patungo sa pampang. Naniniwala si Dabal na dahil sa tulong ng mga lumba-lumba, siya ay nailigtas sa bingit ng kamatayan sa dagat.”

“Wow! Ang galing!” namamanghang sabi ni Tope.

“Totoo ba ‘yon?” pagdududa ni Carol.

“Alam mo, hindi lang ‘yon ang kuwento tungkol sa mga lumba-lumbang nakapagligtas ng tao,” sabi ni Aldo.

## Pagbibigay ng Detalye tungkol sa Binasang Kuwento

Ang mga tanong na **Sino, Ano, Saan, Kailan, Ilan,** at **Bakit** ay nagtatanong ng mga detalye ng kuwento. Ibigay ang mga detalye ng binasang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong:

1. Ano ang pangalan ng mangingisda? ___________
2. Saan siya nangisda? ___________
3. Kailan siya nangisda? ___________
4. Bakit tumaob ang kaniyang bangka? ___________
5. Bakit nahirapan siyang lumangoy pabalik sa lupa? ___________
6. Ano ang kinatatakutan niyang makaamoy ng dugo niya? ___________
7. Ilan ang lumba-lumba na tumulong sa kaniya? ___________
8. Ilan ang balyena na tumulong sa kaniya? ___________
9. Ano ang ginamit ng mga lumba-lumba para itulak siya sa lupa? ___________



"Noong 2004 sa New Zealand, pinaligiran ng mga lumba-lumba ang apat na manlalangoy at ginamit ang mga buntot para umingay at itaboy ang pating. Mahilig tumulong sa tao ang mga lumba-lumba," sabi ni Aldo.


"Sige, nakumbinsi mo na ako," sabi ni Carol.

"Anong itatawag mo sa kaniya? Lumba-lumboy? Dolphin Boy?" tanong ni Tope.

"Ummm ... hindi ko pa naisip 'yon. Pinag-iisipan ko pa rin ang mga katangi-tangi niyang kakayahan," sagot ni Aldo.

"Ano kayo kung bawat isa sa atin, gumuhit ng sariling bersiyon natin ng mala-lumba-lumbang superhero?" tanong ni Tope.

Sumang-ayon ang dalawa kay Tope.




Kinabukasan, nagkita-kitang muli ang tatlong magkakaibigan.

Ipinakita ni Aldo ang ginuhit niyang batang lalaki na nakasuot ng masikip na kamiseta na may palikpik sa likod at may suot na *flipper* sa bawat braso. Sa ilalim ng larawan, nakasulat:

Pangalan: Felipo
Kaarawan: Pebrero 5, 2015
Katangi-tanging kakayahan:
para siyang isang torpedo kung lumangoy,
mas mabilis nang sampung beses sa ordinaryong
tao ang paglangoy
Tungkol kay Felipo:


> Felipo, ang mala-lumba-lumbang superhero
> Kayang lumangoy nang pagkalayo-layo
> Kapag may nalulunod, ito'y kaniyang
> sinasaklolohan
> Sa bilis lumangoy, di matatalo ni minsan




Binuklat ni Carol ang kaniyang *sketchbook*. Ipinakita niya ang babaeng nakasuot ng *bathing suit* at may palikpik sa likod. Nakasuot din ito ng *boots* na hugis ng buntot ng lumba-lumba. Sa ilalim ng larawan, nakasulat:

Pangalan: Dolfina
Kaarawan: Enero 7, 2015
Katangi-tanging kakayahan:
may x-ray vision - nakakikita ng mga bagay kahit nasa likod ng pader ang mga ito
may sonic na pandinig - nakaririnig siya kahit malayong-malayo ang pinanggagalingan ng tunog
Tungkol kay Dolfina:


Dolfina, mala-lumba-lumbang bata
May x-ray vision ang mga mata
Kahit nasa malayo, nakaririnig ng saklolo
Nakalalangoy kahit malakas ang alon at may bagyo



Binuklot ni Tope ang *notebook* niya sa pahinang pinagguhitan ng nakatatawang bata na may suot na sombrerong parang ulo ng lumba-lumba. May suot ding kapa ang bata na ang likod ay may palikpik. Sa ilalim ng larawan, nakasulat:

> Pangalan: Lumba-lumboy
> Kaarawan: Setyembre 29, 2015
> Katangi-tanging kakayahan:
> kayang tumalon nang napakataas at lumangoy nang napakabilis
> Tungkol kay Lumba-lumboy:
>
> > Mala-lumba-lumbang bata
> > Superhero kahit mukhang kengkoy
> > Magaling siyang lumangoy at tumalon
> > Kayang talunin kahit mataas na alon

Napatawa sina Aldo at Carol.



“Bakit di natin gawing isang superhero team sina Felipo, Dolfina, at Lumba-lumboy? Puwede natin silang tawaging Isdabest Friends!” sabi ni Tope.

“Huh? Anong klaseng pangalan ‘yan? Hindi nga isda ang mga lumba-lumba,” sumbat ni Carol.

“Ano naman kaya kung Salbabida Kids?” tanong ni Aldo.

“Mas magandang pakinggan ‘yan!” patawang sabi ni Carol sabay tango.

“Mag-isip naman tayo ng mga kalaban nila at ng mga kuwento tungkol sa kanila!” sabi ni Tope.

Kung ikaw ang magsusulat ng kuwento tungkol sa isang superhero, anong isusulat mo?

## Pagsulat ng Kuwento

Magsulat ng isang maikling salaysay tungkol sa paboritong superhero. Maaaring punan at dugtungan ang talata sa kahon:

### Ang Aking Superhero

Ang aking superhero ay si ______________________.

Siya ay matulungin sa __________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

____________________________________________.

**Talasalitaan**

Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita. Piliin ang sagot sa loob ng kahon:

| | | |
|---|---|---|
| arkipelago | dalampasigan | |
| nanganganib | pinaligiran | palikpik |

1. Namumulot sina Anton at Jed ng mga kabibe sa _______________.
2. Malalaki ang alon! _______________ ang mga mangingisda na nasa dagat.
3. Mag-ingat ka sa paghawak ng malaking isda. Baka matusok ka ng matatalim na _______________ nito.
4. Ang Pilipinas ay binubuo ng malalaking grupo ng isla. Ito ay isang _______________.
5. _______________ ng mga manonood ang mga bata na nakasuot ng maskara ng superhero.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation